

Wika at/ sa/ ng *Media* *and Information Literacy:* Tuon sa Pagbuo ng Mungkahing Kursong Elektib

*Language And/ In/ Of Media And Information Literacy:
Towards Developing An Elective Course*

ARIEL U. BOSQUE

ABSTRAK

Layon ng papel na masuri ang mga nagdaang kursong General Education at Espesyalisasyon ng programang BSE-Filipino ng Rizal Technological University; mailapat ang Acquisition Planning para sa pagtanaw sa mga nagdaang kurikulum ng programa; at makabuo ng mungkahing kursong elektib na makalilalang sa pag-aaral ng Wikang Filipino. Nagsagawa ang mananaliksik ng sarbey at suri sa mga dokumentong akademiko na may kaugnayan sa debelopment ng mga kursong Filipino sa Unibersidad, at pagsusuri gamit ang Acquisition Planning upang mataya ang operasyon ng Kagawaran, Kolehiyo, at Unibersidad, kursong pangwika at programang Filipino. Natuklasang may oportunidad pa para sa kursong pangwika upang mapunan ang kahingian para sa pagtagos ng Filipino para sa iba pang disiplina, magkaroon ng karagdagang dominyo para sa research priority areas ng Kagawaran, paggiya sa interes ng disiplinang Filipino bilang araling pang-erya, pagsasateorya ng Filipino sa iba pang diskurso, at maitawid ang produksiyon ng karunungan ng akademya tungo sa mga pamayanan, at vice-versa. Taglay ng mungkahing kurso ang paggamit ng mga konsepto, teorya, kaisipan ng araling wika tungo sa pagsasateorya nito sa Media and Information Literacy.

Mga Susing Salita: Acquisition Planning, BSE-Filipino, Media and Information Literacy, Pagpaplanong Pangwika, Programang Pangwika

ABSTRACT

This paper aims to analyze the General Education and Specialization courses under the BSE-Filipino program of Rizal Technological University; to apply Acquisition Planning in critiquing past curriculum of the program, and to generate an elective course that can develop in studying the Filipino language. The researcher surveyed and examined academic documents pertinent to the development of the Course in the University, and conducted an analysis using the Acquisition Planning to assess the operations of the Department, College, and University, Filipino language course, and program. Based on the results, there is still an opportunity for a language course to conform in the integration of Filipino in other disciplines; to develop additional domains for the research priority areas of the Department, to scaffold the interest of Filipino discipline as area studies, to theorize Filipino in various discourses, and to reconcile the knowledge production of the academic towards the communities and vice-versa. This course possesses the utilization of concepts, theories, and ideals of language studies towards its theorization in the Media and Information Literacy.

Keywords: Acquisition Planning, BSE-Filipino, Media and Information Literacy, Language Planning, Language Program



Binigyang-kahulugan nina Rubin at Jernudd (xiv) ang Pagpaplanong Pangwika (PP mula ngayon) bilang sistemang nakapokus sa pagtugon sa mga suliranin at nakauri sa pormulasyon at ebalwasyon ng mga alternatibo para sa pagtugon ng mga suliraning pangwika upang makahanap ng pinakamahusay (o optimal) na desisyon. Susog dito ang binabanggit nina Das Gupta at Ferguson (sa Kennedy 265) sa PP bilang isang proseso ng pagtataya sa resources ng wika, pagtatakda sa mga preperensiya at gampanin nito sa isa o higit pang mga wika, at pagbuo ng gamit nito sang-ayon sa mga tukoy na layon. Nangangahulugang ang pag-iral ng PP sa mga sektor at institusyon ay may tunguhing makatugon sa mga problemang nakakatig sa wika o anumang maaaring maitulong ng wika sa mga suliraning panlipunan.

Ipinaliwanag ni Nekvapil (15) ang dikotomiya ng PP—ang pagpaplanong pangwikang nakagaganap sa antas ng estado ay itinuturing bilang makrong pagpaplanong, samantalang ang ginagamit sa mga di-gaanong kompleks na sistemang panlipunan naman ay maykrong pagpaplanong. Tinipo nina Kaplan at Baldauf (118) ang mga gawaing pangwikang maaaring magbigay-interes sa *micro-structural language problems* sa mga institusyon gaya ng mga bangko, mga kompanya, mga silid-aklatan, mga paaralan, mga ospital, mga korte, o mga isahang lungsod bilang saklaw ng maykrong pagpaplanong.

Parametro ng katuparan ng pagpaplanong pangwika sa isang akademikong institusyon ang pagkakaroon ng mga programa at kursong magbibigay ng puwang sa pag-aaral ng wika at magtataguyod ng pagiging disiplina nito. Nakatuon ang makro-maykro, sang-ayon sa paliwanag nina Nekvapil at Sherman (2), sa kompleksiti ng mga prosesong panlipunan, kung saan ang mga epektong mula taas-pababa ay mas kompleks kaya tinawag na makro, samantalang ang epektong mula sa baba-pataas ay mas payak kaya itinuturing itong maykro. Inilatag nila ang nabanggit na praktika bilang maykrong pagpaplanong (49) pagkat tumutulong ang ito sa pagbuo ng makro-PP na makikita sa pamamagitan ng mga nabubuonang kurso at programa na maglalalatag ng debelopment sa wika.

Pagdirin ito sa suri ni Haugen (15) na ang pagpaplanong pangwika (PP) ay itinataguyod na trabaho ng mga akademiko sa wika – ng isang institusyon – na kadalasang nasa porma ng kultibasyon at proposal ng mga repormang pangwika at estandardisasyon. Nilulubos nito ang kaniyang binabanggit na may pangangailangan upang ipagpatuloy ang implementasyon ng norm upang matamo ang mga kahingian at gampanin ng modernong mundo (Haugen 373). Kasama rito ang pagsusuri sa ebalwasyon ng dinisenyong estratehiya patungo sa implementasyon nito at modernisasyon ng mga terminong ginagamit tungo sa pag-unawa (Haugen 275).

Nilinaw ni Rubin na naisasantabi ang PP

bilang isang uri ng pagpapalano, ang pag-uri nina Jernudd at Das Gupta (206) sa wika bilang resource ay nagtataguyod ng konsiderasyong ang wika ay marapat ding pinaplano. Rasyonal itong ang PP ay pangangailangan ng institusyon at ng wikang pinaplano. Sa suri pa niya, ang mga simulain ng organisasyon o institusyon ay inaasahang nakahilig sa direktibang makapagdulot ng pagbabago (Jernudd at Das Gupta 217). Dagdag pa niya, nailalatag lamang ang layon ng PP kung nagiging konsistent din ito sa iba pang plano (Jernudd at Das Gupta 294) – sa kaso nito, pag-unlad din ng programang BSE-Filipino.

Sa pagtanaw ni Symaco (87), binabanggit niyang ang isang plano at palising pangwika ay inaasahang mapamamahalaan ang paggamit at mga ideolohiyang pangwika sa bansa, ngunit puna rin niyang sa kaso ng bansa, hindi pa nito natatamo ang inaasahang epekto. Binigyang-pansin ni Geronimo (sa pagsusuri ni Symaco 100) ang kakulangan ng terminolohiya at aklat na siyentipikong nakasulat sa Filipino na nagiging disbentahe nito kung ikokompara sa Ingles, bagaman itinakda ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ang General Education Curriculum na nagtatakdang ng siyam (9) na mga yunit ng kursong Filipino (para sa wika at panitikan) at panghihikayat na gamitin ang Wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo para sa mga kursong Humanidades at Agham Panlipunan upang makatugon sa kahingian ng Bilingual Education Policy (CHED Memorandum Order 59, s. 1996). Nag-uudyok ang kondisyon ng tugon mula sa pagpapalano pangwika. Binabanggit nina Rubin at Jernudd (xv) na nangangailangan ang PP ng mobilisasyon ng mas malawak na disiplina pagkat pinakikita nito ang pagtsatsanel sa mga hamon at pagpapahalaga upang makapagbunga estrukturang pang-administratibo na makatutulong sa pagbuo ng solusyon.

Tangan nitong diskurso ang pagkikritik ni Spolsky (6) sa imperyalismong lingguwistika. Inargumento niyang hindi ang palising kolonyal na wika ang isyu, bagkus ang kolonyal na sitwasyon at ang mismong imperyalismo. Patotoo ito sa aktuwalisasyon ng pagtingin ng gumagamit ng wika sa kaniyang ginagamit na wika. Dagdag pa niya, kung walang malakas na ideolohikal na udyok upang mapanatili ang pagkakakilanlan maging sa sosyal at ekonomikal na isolasyon, ang umiiral na wika sa bansa ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan upang hikayatin ang mga tagagamit nito upang hindi lumipat sa pinakamalapit na malakas na wika (Spolsky 2162). Sapagkat ang potensiyal na tagumpay

ng pamamahalang pangwika ay babatay sa pagkakatulad nito sa sitwasyong pangwika – ang konsenswal na ideolohiya o mga paniniwalang pangwika, sa digring napanghimasukan na ng Ingles, gaya ng ugnayang sosyolingguwistika, at konsistensi ng minimal na digri ng pagkilala sa mga karapatang pangwika (Spolsky 2162-2163), lalong higit kung may nakatatag na sandigang wika. Ipinamamalas lamang ng rasyonal na may magagawa ang puwersa ng wika sa isang institusyon para sa kalinangan nito, lalo kung may mag-uudyok na realisasyon nito.

Ang pagpapalano ng ito ay makatutulong sa pagpapalakas ng puwersa ng Filipino at kaisipan nito sa mga kadisiplina at kalapit na disiplinang labis na nakakatig sa kanluraning perspektiba. Ipinakita ni Alatas ang paggit na dapat lamang:

“seryosong harapin ang mga “hindi-Kanluraning” batis ng mga ideya at konsepto sa agham panlipunan kasabay ng tuloy-tuloy na pagkikritika at pagsusuri ng mga kabuluhan ng mga konsepto mula sa Kanluran.” (16 sa Guillermo 33)

Sa kabilang banda, kinakailangan ding isaalang-alang ang binabanggit ni Guillermo (34), aniya, “ang paggamit ng wikang ito [wikang pambansa] ay posibleng tumungo sa higit na demokratisasyon at paglapit ng agham panlipunan sa mga paksain at usaping may kabuluhan sa sambayanan.” Ang ganitong tindig ay lumulunsad sa pagtamo ng kahingian sa debelopment ng wikang pambansa at mga wika sa bansa.

Sa aklat ni Carson (154), binanggit niyang ang labindalawang yunit para sa Filipino ay maaaring palitan ng mga mag-aaral na nagta-Tagalog ng alinman sa mga sumusunod: maikling kuwento sa wikang Filipino; paghahanda ng materyal pangkurikulum para sa pagtuturo ng Filipino; panitikang Ingles ng Britanya, Amerika, at Pilipinas; o agham pansilid-aklatan. Makikitang ang dalawang naunang pamimilian ay nakakatig sa paglinang ng Filipino. Bagaman malaki ang nakalaan para sa mga kursong Filipino ay bahagi pa rin ng opsiyon ang mga kursong Ingles bilang panghalili. Habang sa CMO № 59, s. 1996, isinasaad na ang implementasyon ng bagong GEC ay inaasahang nakakategorya bilang interdisiplinaryo, ipinakita ito sa paglalapat ng mga kursong Filipino na sasang-ayon sa pangangailangang global, isinusog dito ang CMO № 4, s. 1997 na nagtatakda ng hindi bababa sa 6 na yunit ng Filipino para sa mga mag-aaral na nagmamedyor sa ibang larangan.

Makikita naman sa CMO 20, s. 2013 na walang itinatakdang yunit para sa Filipino, ngunit binibigyang-laya ang mga HEI para sa mga kursong Filipino na maaaring maging bahagi ng kurikulum. Nais nitong matamo ang holistikong pag-unlad, mga kasanayang intelektuwal, at mga kasanayang sibiko.

TAON	MGA YUNIT	KONDISYON
1957	12 yunit para sa Filipino, subalit 21 yunit ang nakalaan para sa Ingles	Karanasan sa Philippine Normal College para sa BS Ed Curriculum
1996	9 na yunit para sa Filipino	May 6 na yunit para sa Panitikan, ngunit itinuturo ang mga ito sa Ingles.
2013	Walang itinatakdang yunit para sa Filipino sa ilalim ng CMO 20, s. 2013	Opsiyon ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Talahanayan 1

Komparison ng mga Kurso para sa General Education sa mga programang Teacher Education

Makaiimpluwensiya ang mga kurso sa kolehiyo sa paglinang ng Filipino bilang disiplinal ang maaaring maging dulong nito, patunay ritong matatamo ang layon ng mga kursong general education bilang laboratoryo ng buhay at ang kahingiang pandaigdigang ambag. Tinutukoy rito ang posibleng pagtugon ng Filipino sa mga suliraning panlipunan. Ang pagpopook at sentralisasyon ng tugon sa tulong ng Filipino ay makapagbibigay-puwang din upang mapanatili pang higit ang layong intelektuwalisasyon nito.

Batay sa pag-aaral ni Carlsson (37) hinggil sa larangan ng kaalaman sa Media and Information Literacy (MIL mula ngayon), binanggit niyang may dalawang pangunahing opinyong umusbong hinggil sa mga naunang pagtanaw sa awdyens. Una, nakikita ang konsumer ng midya bilang bulnerable at pasibo, samantalang ang ikalawa ay may kakayahan at makapangyarihan. Layon ng MIL na maprotektahan ang konsumer laban sa nakasasamang *media content*, sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman hinggil sa sistema ng midya, at mga kasanayang lilingang sa kritikal na pag-iisip. Sa rasyonal ni Thoman, binalangkas niya ang limang konsepto ng media literacy, sakop nito ang sumusunod:

“(1) All media messages are ‘constructed.’ (2) Media messages are constructed using a creative language with its own rules. (3) Different people experience the same media message differently. (4) Media are primarily businesses driven by a profit motive. (5) Media have embedded values and points of view.” (1993 sa Carlsson 44).

Masisipat ang gampanin ng wika sa pag-ambag sa media, bilang kasangkapan at impraestruktura ng ekspresyon at komunikasyon sa pamamagitan ng mga impluwensiya ng mga pamayanang lingguwistika. Sa mga sitwasyong ipinakikita, mababakas ang pangangailangan upang mapatibay pa ang magiging gampanin ng mga kurso at ng programang BSE-Filipino para sa ikalilingang ng Wikang Filipino, bilang pantulong sa naunang suliraning binanggit ni Carlsson hinggil sa MIL. Sapagkat batay sa binanggit ni Tolentino (1) sa kaniyang pag-aaral hinggil sa literasing midya, tinukoy niyang “ang anumang usapin ng wika ay may kahilingang iangkla sa usapin ng literasing midya na siyang namamayaning normatibo sa praktikal na gamit sa wika.” Pagdaragdag pa niya, “wika ang naging mahalagang lundayan ng malikhaing inobasyon tungo sa popularisasyon ng teknolohiya sa loob ng bansa, at sa produksiyon ng sariling parole sa global na kultural na language ng mga midya” (Tolentino 2). Pinatatag ito ng kaniyang ideyang nakasentro sa mga usapin ng literasing midya ang mga usapin ng wika higit sa panahon ng digital ng impormasyon.

Kung sisipatin, hindi rin maiaalis sa BSE-Filipino bilang disiplina ng wika ang paglalalag ng mga kondisyon tulad ng pagsusuri at pag-unawa sa triyanggulasyon ng wika, kultura, at lipunan, pagtalakay sa mga usapin ng kultural at lingguwistikong dibersidad ng bansa, at pagbuo ng mga alternatibong pagtuturo at pagkatuto gaya ng imumungkahi ng program outcomes nito. Susog pa rito ang mga rekomendasyon

ng Paris Agenda (sa Carlsson 46) hinggil sa (1) deelopment ng komprehensibong programang edukasyong pangmidya sa lahat ng antas ng edukasyon; (2) pagsasanay at pagpapataas ng kamalayan ng mga guro sa iba pang stakeholder sa esperang sosyal; (3) saliksik at mga network ng diseminasyon nito; at (4) pandaigdigang kooperasyon ng aksiyon.

Makikita sa inilatag na kondisyon nina Carlsson at Tolentino ang magiging gampanin ng wika sa MIL, at nakasanib naman sa program outcomes ng BSE-Filipino at apat na adyenda ang pagtutungkod nito sa edukasyon. Ang pagbalangkas ng BSE-Filipino bilang lunsarang programa ng MIL ay yugto ng deelopment para sa mga kasangkot na disiplina.

Mula rito, layon ng papel na: masuri ang mga nagdaang kursong general education para sa Filipino at espesyalisasyon ng Programa; mailapat ang Acquisition Planning para sa pagtanaw sa mga nagdaang kurikulum ng Programang Filipino; at makadebelop ng mungkahing kursong elektib na makalilining sa pag-aaral sa Wikang Filipino.

Pinuna ni Abad (217) ang mga batas at patakarang direktang nagpapahina sa gamit ng wikang pambansa sa mga paaralan, binigyang-pansin niyang maaaring maging bahagi ng usapin sa wika ang *re-semanticization* ng wikang Ingles. Kasabay ito ng mga nagpapahina ng kursong kasaysayang nagtatampok sa panunuri at pagdebelop ng lokal na yaman at kapangyarihang gumagamit ng Wikang Pambansa.

Ang kamalayan sa palisi ng isang institusyon ay tutugon sa binabanggit ni Almario (162) na pangunahing susi ang malawakang pagdebelop sa Filipino bilang wika ng karunungan kung nabibilang ito sa iba't ibang diskursong akademiko. Ang paglalahok ng Wikang Filipino sa interes ng iba pang disiplinang labas sa panitikan, humanidades, at agham panlipunan ay patunay ng emansipasyon nito. Ang pagpasok sa matematika, mga agham, at teknolohiya ay pagpihit sa kakayahan ng Wikang Filipino patungo sa layong globalisasyon. May maitutulong ang paglikha ng mga kursong tataliwas at babangga sa lisyang binabanggit ng suliraning dulot ng pagkatawan ng wika, at muling ipihit itong nakagiya sa pag-unlad ding kasama ang wika. Makatutugon ang kursong lilikhain kung iuugnay ito sa mga suliraning pangwikang nakabatay sa itinatakda ng mga pangkat na maaaring makinabang sa wika at sa gamit nito.

Tatatag din ang knowledge production sapagkat gaya ng pagkatig ni Neustupny (77)

hinggil sa pagkakaroon ng maraming gampanin ng wika, at mula roon, magkakaroon din ng mataas na bolyum ng terminong makatutulong sa wika upang makatuklas at makatisod ng mga bagong konsepto.

WIKA AT MIL

Naging pandaigdigang panawagan ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization o UNESCO ang kamulatan ng mga pamayanan sa MIL. Hinahamak ng pamamalasak ng mga propagandang ginagamitan ng paglilihis sa wastong diskurso ng media at impormasyon ang literasi ng mamamayan. Tumatayang *reinforcement* ang wika bilang talaytayan ng kalidad ng impormasyong nalilikha, lumalaganap, at tinataya. Kabilang dito ang mga proseso ng deelopment, rebyu, at balidasyon ng mga eksperto mula sa media, ICT, edukasyon at wika.

Tinukoy ni Symaco (88) na ang tungkulin ng wika sa ahensiya (gaya ng akademya, sa *mananaliksik ang pagdaragdag*) at kapangyarihan ay markado. Tinitiyak nitong sa ahensiya, sinusukat ang kakayahan nitong gumanap at ang tulong ng wika bilang integral na bahagi nito (Wolderiam at Lanza 79). Dagdag pa niya, ang *realignment* ng mga palising pangwika – kasama na ang pagbuo ng mga kursong pangwika – ay maaari ding makapagpabago sa politikal na kapangyarihan kung saan gumaganap ng mahalagang gampanin sa pagkontrol sa badyet, mga politikal na institusyon, at kapangyarihan (Tollefson 73).

ANG WIKA SA MIL

Matagal na ring napatunayan ng disiplina ng wika ang gampanin at magagawa nito para sa iba pang larangan. Nilinaw ni Gauker (47) na nagiging kinatawan ang wika bilang isang kasangkapan para sa ekspresyon at paglalahat ng iniisip ng tao. Nangangahulugan lamang na ang pagsusuri sa isinasawika ng tao ay lundayan ng kaalaman at makatutulong sa pagsusuri sa ipinoproso sa isip ng tao.

Hinati rin niya ang paggamit ng wika bilang instrumento sa dalawang tema: para sa medyor, ginagamit ang wika para sa pag-unawa sa mga kahulugang panlingguwistika, at sa minor naman ay nagkikritik sa ugnayan sa pagitan ng mga simbolo at ang diwang ginamit sa isang partikular na okasyong makatutulong sa pagtukoy ng motibasyon ng tao sa kaniyang

diskurso. Ibig sabihin, makatutulong ang mga teoryang pangwika sa paghimay ng mga ideya sa mga sitwasyong pang-MIL. Ang ganitong dulog ay nakatutulong din para sa paglinang ng kritikal at analitikal na pagtanaw sa mga sitwasyong pangwika sa mga tiyak na speech community.

ANG WIKA NG MIL

Binigyang-pansin ng Wilson, Grizzle, Tuazon, Akyempong, at Cheung (37) na ang gampanin at magagawa ng wika bilang sangkap, koda, at kumbensiyong maaaring piliin at mapakinabangan ng mga propesyonal sa media at impormasyon upang magamit sa paglalahad ng mga ideya, impormasyon, at kaalaman na kadalasan ay nakasulat sa wikang teknikal.

Nangangahulugang ang pagteteorya ng mga sitwasyon sa tulong ng wika ay makakatulong sa pagtanggap, pagproseso at pagkritik. Makatutugon ito sa mga sitwasyong nagdulot at nagbabadya ng suliranin sa lipunan. Makatutulong ang pag-unawa sa mga terminong teknikal na may kaugnayan sa MIL at mga proseso nito upang makalikha ng tulay sa akademya at pamayanan.

ANG ESTADO NG UNIBERSIDAD, KOLEHIYO AT KAGAWARAN

Sa pagsusuri ng papel sa kasaysayan ng General Education Curriculum at kursong Espesyalisado para sa programang Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, mula 2001, 2005, 2012, at kasalukuyang kurikulum (2018), at ebalwasyon sa mga palising kaakibat at nakaapekto rito, ginamit ng mananaliksik ang Acquisition Planning upang mataya ang operasyon ng Kagawaran, Kolehiyo, at Unibersidad, kursong pangwika at programang Filipino ng Unibersidad, at ang pag-aarkibo ng mga dokumento gaya ng mga memorandum mula sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, mga resolusyong akademiko ng Unibersidad, mga course prospectus, at silabus upang matanaw ang kabuuang nilalaman ng kurikulum ng Programa at pagbangga nito sa mga pamantayan at *alignment* ng Komisyon at Unibersidad.

Ang mga pangangailangang ito ay tutugon sa pagbuo ng mungkahing kurso at magtitiyak sa kalidad nito.

Sa praktis ng Unibersidad, nasa Kolehiyo ng mga Sining at Agham (CAS) ang sentro ng loading ng mga kursong Wika at Panitikan sa Ingles at Filipino sa buong Unibersidad dahil dati itong tahanan ng Programang Edukasyon noong hindi pa ito naisasainstitusyon bilang isang Kolehiyo (na ngayon ay ganap nang College of Education).

Kalaunan ay naging praktika nang maging awtonomo ang CED sa paghawak ng mga kursong General Education dahil sa tiyak na kahingiang mga kurso nito bilang paghahanda sa itinatakang kurso ng Professional Regulation Commission na nakasaad sa Program of the Licensure Examination for Teachers (LEPT) na taunang inilalabas. Ibinabatay ng Kolehiyo ang mga course offering nito sa itinatakda ng CHED at PRC. Narito ang tally:

Taon	Bilang ng mga Yunit	Wika/ Komunikasyon/ Pananaliksik Sa Filipino	Panitikan	Retorika
2018*	9	2	1	-
2012	9	2	-	1
2005	6	1	-	1
2001	9	1	1	1

Talahanayan 2

Tally ng mga kursong General Education sa Filipino sa mga programang Teacher Education

Sa kaso ng 2005, ang ikatlong GE ay nakapasok na bilang medyor, kaya anim (6) na yunit lamang ito. Makikitang sa sitwasyon noong 2012 at 2018 na kurikulum ay napanatili nito ang pagkakaroon ng siyam (9) na yunit ng kursong Filipino at konsistent na mas marami ang kursong Wika/Komunikasyon/

Kurikulum	Wika	Panitikan	Pedagohiya	Allied	Pananaliksik	Elektib	Bilang Ng Mga Kurso
2018	8	6	4	3	2	2	25
2012	4	9	4	2	1	-	20
2005	6	6	6	1	1	1*	20
2001	5	5	-	1	-	1*	12

Talahaanayan 3

Tally ng mga kursong Espesyalisado sa Filipino sa mga programang Teacher Education

Pananaliksik sa Filipino. Ngunit, sa huling inilabas na guidelines ng Unibersidad, isang kursong GE para sa Filipino na lamang ang matitira dahil sa inilabas na CMO 20, s. 2013

Sa kaso ng 2001, may pantay na bilang ang kursong wika at panitikan, ang tampok nitong elektib ay hindi kasama sa binibilang na mga yunit na kursong medyor sapagkat ito ay Ingles. Samantalang sa 2005, ang dalawang GE ay karugtong na binibilang na kursong medyor, at Ingles din ang elektib nito.

Hindi nagtataglay ng elektib ang kurikulum ng 2012, at mapapansing may mataas na konsentrasyon sa panitikan. Habang sa 2018 naman, mas mataas ang konsentrasyon ng mga medyor na kursong wika at nagtataglay rin ito ng dalawang (2) kursong elektib tuon sa espesyalisasyon.

Malaking salik din ang pagpapalano ng mga kurso sa posibleng maging direksiyon ng mga tesis na malilikha ng mga nagmemedyor sa Filipino. Halaw sa sarbey ng mga tesis na nalikha ng mga mag-aaral ng Kagawaran mula akademikong taong 2014 hanggang 2019 ipinakitang ang walumpu't limang (85) saliksik ay makakategorya sa apat:

Mababakas dito ang impluwensiyal at estratehikal na aspekto ng mga kahingian ng produksiyon ng pag-aaral bilang kultura ng saliksik. Malaking salik sa binabanggit na kondisyon ang pag-aaral sa mga umiiral na palising binubuo at ipinatutupad ng mga ahensiya ng pamahalaan at institusyon. Kapara ito ng puna nina Kaplan at Baldauf (62) sa kasaysayan ng pag-unlad ng wika sa Pilipinas, ipinakita ritong ang pagpaplanong pangwika ay matagal nang nakatali sa politika, sa halip na nailalapit sa dunong ng mga lingguwista, ang kabuuan ng mga palisi ay kadalasang hinahawakan ng mga politiko. Susog din ang binabanggit nina Rose at Miller (2 sa Dawe 62), anila, binigyang-pansin ng mga akademiko ang mga pampublikong institusyon, kasama ang mga pamahalaang demokratiko, ay naging “pangunahing batis para sa modernong uri ng pamahalaang nagtalaga ng ilang krusyal na kondisyon para sa liberal at demokratikong paraan ng pamamahala.” Makikita rin ito sa punang ang tendensiyang nasyonalistikong ng palising pangwika ay nagpapakita ng katulad na usapin hinggil sa akses ng dominante at sinasangunang wika na nagiging kriteryo para sa impluwensiya at kontrol (Symaco 88).

Kategorya	Bahagdan
Panitikan at Panunuri	34%
Edukasyon, Pedagohiya, Pagtuturo at Pamamahala, mga Makrong Kasanayan, at Kagamitang Pampagtuturo	40%
Kultura (Lokal) at mga Tradisyon ng Bayan	5%
Araling Wika at Lingguwistika	21%
	100%

Talahaanayan 4

Sarbey ng mga Tesis mula Akademikong Taong 2014-2019

IMPLEMENTASYON NG ACQUISITION PLANNING

Sapagkat ang programang pangwika ay ipinaplano bilang bahagi ng implementasyon ng language-in-education, gaya ng binabanggit ni Kaplan (68), mahalagang masuri din ang mga erya ng *language policy development* sa anyo ng paglikha ng mungkahing kurso sa pagtataya ng digri ng kahingian nitong maaaring makatulong sa paglinang pa ng programa. Sa pagsasakaysayan ng Acquisition Planning (AP mula ngayon), tinukoy nina Siiner, Hult, at Kupisch (2) na nagmula ito sa argumento ni Cooper (1989) na kinakailangan nang magkaroon ng ikatlong haligi sa PP na makakatuwang ng status at corpus planning. Pinakatuon nito ang mga organisadong simulain sa pagtataguyod ng pagtuturo ng wika at akses sa iba't ibang sitwasyong pangwika. Tinukoy nina Kaplan at Baldauf (2003 sa Surbakti at Situmorang 155) na layunin ng acquisition planning na matukoy ang: midyum ng pagtuturo ng kurikulum; kalidad ng pagsasanay ng mga kasaping fakulti; maaaring kasangkutan ng mga lokal na pamayanan; mga materyal na gagamitin at paraan ng ingkorporasyon nito sa silabus; *local/state assessment system* na gagamitin para sa monitoring ng progreso nito; at iba pang gastusin.

Sa edukasyonal na konteksto, binabanggit nina Hogan-Brun, Robinson at Thonhausser (1) na binibigyang-tuon ng AP ang akses at literasi. Dagdag pa nila, hindi lamang antas at pamantayan ang naapektuhan ng acquisition planning, bagkus kasama rin ang elaborasyon ng mga pangwikang silabus, panuntunang pangkurikulum, mga pagsusulit, mga teknbuk, pagsasanay ng mga guro, pamamahalang pampaaralan, at pamamahala ng kabuuang sistema (Hogan-Brun, Robinson at Thonhausser 2).

Pinatitibay ng suri nina Hornberger (28) at Kaplan at Baldauf (29) ang pokus ng AP sa mga gumagamit ng wika at paraan ng adkisiyon ng mga *communicative repertoire* na kanilang kakailanganin para sa pag-akses ng mga oportunidad sa lipunan.

CURRICULUM POLICY (CP)

Itinatakda ang mga kursong elektib bilang mga kurso sa medyor na kinukuha bilang suplemento sa mga tiyak na kursong nakasaad sa kurikulum ng CHed. Bagaman

may mungkahing kurso pa rin ang Komisyon, may kalayaan ang mga HEI upang makapamilya o makalikha ng sariling kursong ituturo. Sa programang Filipino ng Unibersidad ay dalawang kursong nakalaan para sa elektib, binubuksan ito tuwing una at ikalawang semestre ng ikatlong taon ng pagmamedyor.

Kaiba sa kaso ng kurikulum noong 2001 at 2008 na kursong Ingles – Business Communication at anumang English subject – lamang ang maaaring kunin, sa kurikulum ng 2018, disiplinal at eksklusibo lamang sa programa ang pagpili, maaari nang makapamilya ang mga nagmamedyor sa allied disciplines sa pagsulat (2); at integrasyon ng iba pang dimensiyon ng pagtuturo at Wikang Filipino bilang ikalawang wika.

Taglay ng apat na kurso ang paglinang sa wikang Filipino, subalit, gaya ng puna at hamon ni Geronimo, may pangangailangang matugunan ang integrasyon ng wikang Filipino sa iba pang larangan para sa holistiko nitong pagbatid bilang isang lumalago pang disiplina, kaya umiiral ang pagmumungkahing ito.

Tugon ang kursong Wika at/sa/ng MIL sa pangangailangan sa wika at araling pang-eryang makapagbubukas sa mga nagmamedyor sa Filipino sa mga aralin pa sa bansa. Panimulang tangka na rin ito sa hangarin ng Kagawaran tungo sa pagbabangga sa CMO No 22, s. 2017 (Mga Patakaran, Pamantayan, at Panuntunan ng Batsilyer ng Sining sa Filipino) sang-ayon sa Quality Assurance at alignment ng mga kurso, at pagpapatatag ng sandigan para sa saliksik, produksiyon ng karunungan, at pag-aaral sa Wikang Filipino. Inaasahan ding magkakaroon din ng modipikasyon sa research priority areas ng Kagawaran pagkat ibabangga rin ito sa itinatakhang kahingian ng Curriculum Instruction Research Development Center tungo sa muling binabalangkas na *institutional alignment* na tunguhin ng University Planning Center.

PERSONNEL POLICY (PEP)

Sa kasalukuyan, ang Kagawaran ng Filipino ay binubuo ng labing-isang (11) gurong may estadong *full-time* sa mga Kampus sa Mandaluyong at Pasig.

Sa datos, lahat ng mga nagtuturo sa ilalim ng Kagawaran ay may pundasyong programa sa BSE-Filipino, bahagi rin ito ng pagseseguro na ang direksiyon ng instruksiyon ay nakatuon sa Edukasyon. Para sa mga programang gradwado, may 82 bahagdan ang nakatuon sa Pagtuturo ng Filipino at Edukasyon, habang may 18 bahagdan

Antas	Kinuhang Programa	Bilang
Batsilyer	Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino	11
Master	Master of Arts in Educational Management	3
	Master ng Sining sa Filipino	3
	Master ng Sining sa Panitikan	1
	Master ng Sining sa Pagtuturo	2
	Master ng Sining sa Filipinolohiya	1
	Master ng Sining sa Araling Pilipino	1
Doktorado	Doctor in Educational Management	1

Talahanayan 5

Programa ng mga Instruktor at Propesor ng RTU-Kagawaran ng Filipino

ang nakalinya sa Filipino bilang araling pang-erya. Makahulugan para sa kalidad ng kaguruan ng Kagawaran ang pagbabalangkang ng vertical at horizontal alignment tungo sa debelopment ng ekspertis sa larangan. Kung susuriin, may pangangailangan pa para sa puwersa ng mga gurong makapagtataguyod sa Filipino sa iba pang disiplina para sa mas malawak na eksposyur din ng Kagawaran, kasama ang mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, makatutulong din ang pagsasanay ng mga guro sa pagmamapa sa integrasyon ng wika sa iba pang umuunlad na disiplina. Gaya ng binabanggit nina Ladefoged, Glick, at Criper (140) na ang tagumpay ng isang umiiral na palisi ay nakabatay sa mga gurong maaaring makapagsagawa ng palisi. Paglilinaw nila:

New materials in the hands of the same teachers will not necessarily improve the language teaching. It is ironic that the teacher is placed at the lowest level of planning and yet is such an important participant in LP. The teacher's role has been neglected at higher levels of planning, and more work needs to be done to ensure that teachers' needs are taken into account so that links are maintained with teachers at all stages of the planning process.

Hamon itong makibahagi ang guro sa pagpaplanong pangwika, at implementasyon ng anumang naipilano. Pagtitiyak ang ganitong gampanin ng mga gurong magkaroon ng monitoring kahit sa maliit na yunit ng pagpaplanong.

METHODOLOGY AND MATERIALS POLICY (MMP)

Bilang pagtupad sa kahingian ng sistemang *Outcomes-based Education* (OBE) ng Unibersidad, isinasagawa ang paglalalatag ng mga kurso sa silabus sa pamamagitan ng paglikha/ produksiyon. Sa kaso ng programang BSE-Filipino, taglay ng integrasyong ito ang pagbuo ng mga saliksik na makalilina sa disiplina ng Filipino sapagkat ipinakikitang ito ay parametro ng *quality assurance* (QA) na saklaw ang gampaning administratibo hanggang sa kurikulum at pagtuturo, saliksik, at serbisyong pang-ekstensiyon ng isang HEI. Gaya ng makikita sa Talahanayan 4, may pangangailangan ang paglikha ng saliksik at pag-aaral para sa kalinangan ng disiplina. Bagaman ipinakita rin nitong may mataas na konsentrasyon sa mga saliksik na may kinalaman sa pedagohiya, pagtuturo at pamamahala, kagamitang pampagtuturo, at mga makrong kasanayan. Habang matapat na tumutupad ang Kagawaran sa larangan ng edukasyon, nangangailangan ding pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas sa porsiyento ng nalilikhang saliksik sa ilalim ng araling wika, *reinforcement* dito ang implementasyon ng kurso sa tulong ng pagpaplanong nito.

Malaki ring hamon para sa kursong ito ang paghahanap ng mga batis at batayang nakasulat sa Wikang Filipino. Bagaman maraming pag-aaral ang maaaring makuha mula sa disiplina ng komunikasyon – na kadalasan pa ay nasa Ingles, mainam pa ring magkaroon ng mga batis at reperensiyang taal at tubo sa

larangang ito. Sa deelopment ng mga materyal at batis na nakakonteksto sa bansa, natutulungan na rin nito ang pag-unlad sa disiplina. Ang pagpopook ng mga materyal ay katuwang na layon ng binabanggit nina Alatas at Guillermo na pagtamo sa kabuluhan ng pagpapalakas ng Filipino.

COMMUNITY POLICY (COP)

Malinaw na karugtong ng akademya ang pamayanan, pagtugon ito sa *thrust* ng Unibersidad. Bahagi ng programang pang-ekstensiyon ng Kagawaran ng Filipino ang MILYA-MILYA (Media and Information Literacy Youth Advocacy). Layon nitong makalinang ng mga sub-programang makatutulong sa kabataan upang makontra at mawaksi ang misimpormasyon at upang maging epektibong *user, assessor, at developer* ng media sa pamayanan. Unang yugto ng programa ang pagsasalin ng mga materyal patungo sa Wikang Filipino. Ikalawang yugto naman ang kontekstuwalisasyon ng kurikulum ng MIL at modyul sa pangangailangan ng pamayanan. Matamang pagtupad ito sa paglalagom ng perspektiba ng pagpaplanong pangwika sa pamamagitan ng paglalahad ng konteksto nito kahit na krusyal ito sa pagsusuri, interpretasyon, at paglalahad ng mga natuklasan sa ugnayan ng kurikulum at pagtuturo, saliksik at gawaing pang-ekstensiyon at sasang-ayon din sa taguyod na binabanggit ni Ortega (57) na kinakailangang makita ang manipestasyon ng palisi sa edukasyon, pananaliksik, gawaing ekstensiyon, at opisyal na komunikasyon.

EVALUATION POLICY (EP)

Sapagkat wala pa sa yugto ng implementasyon ang mungkahing silabus, nakatuon ang bahaging ito sa pagbangga sa CHed Memo № 75, s. 2017 na hinggil sa Course Outcomes ng Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, Misyon, Bisyon ng Unibersidad at Kolehiyo. Tingnan ang pagbangga sa mga Talahanayan 6 sa pahina 66-67.

PAGBANGGA NG SILABUS SA MGA MISYON, BISYON AT LAYUNIN NG UNIBERSIDAD AT KOLEHIYO

Makatutulong ang pagbangga ng binuong silabus sa umiiral na mga misyon, bisyon, at layunin ng Unibersidad at Kolehiyo bilang *reinforcement* sa pagpuno ng gap sa pagtataya. Makatutulong ang kurso sa pagpapakilala ng panibagong anyo ng pagtugon sa pangangailangan ng lipunan at pamayanan sa paraang matalino at masuring pagbasa sa mga sitwasyong pangwika tungo sa MIL. Ngunit posibleng maging suliranin ang kawalan ng pokus sa kahingian ng unibersidad kung hindi magkakaroon ng reoryentasyon sa tunay na pangangailangan ng kursong makaambag sa paglinang ng disiplina ng Filipino.

Ang layunin ng kursong makalikha ng mga saliksik ay nakaangkla sa misyon ng Unibersidad at Kolehiyong maging laboratoryo ng mga pag-aaral na makatutulong sa katuparan ng layunin ng akademya. Makatutulong ang patuloy na pagsusuri at gradwal na paglalangkap sa konteksto nang makasunod sa glokalisasyong binabanggit at hindi nawawala ang esensiya ng kursong pagtingin sa lokal na perspektiba.

Makatutulong ang kurso sa pagpapalawak ng pagsasateorya ng wikang Filipino sa iba't ibang diskurso, sa kaso ng pag-aaral, sa MIL. Ang produksiyon ng saliksik ay konsistent na pangangailangan sa akademya. Pagkat ang patuloy na pagbuo ay makatutulong na rin sa paunang hakbang sa paglikha ng palising pangwika ng Unibersidad na posibleng pasimulan ng Kagawaran ng Filipino.

NILALAMAN NG KURSO

Bilang akses at literasi ang tunguhin ng AP, ginamit ito upang maging batayan sa pagbuo ng kurso. Mula sa pagtataya sa mga palising nabanggit, nasuri ang mga estratehiya tungo sa pagdidisenyo ng kurso. Para sa CP, ang pagbuo ng kursong magkasanib ang Filipino at MIL ay lunsaran ng paglalapat ng mga teoryang nakalap mula sa mga espesyalisadong kurso ng Programa, pagkat layon ng isang elektibong kurso ang pagkakaroon ng oportunidad para pag-aralan ang isang partikular na erya ng disiplina. Tugma rito ang pagpasok ng mga teorya, diskurso, at konseptong pangwikang sasarbey sa mga isyung panlipunang katig sa MIL.

Sa pagsusuri sa PeP, nakitang oportunidad ang kurso upang mapalawak pa ang content expertise at research interests ng Kaguruan. Bagaman ang lahat ng guro sa Kagawaran ay nakapagturo na ng mga

kursong medyor at kursong GE na tuon sa komunikasyon. Maaaring kolektibo ang inisyatiba ng mga guro sa pagpapatibay ng kursong elektib sa yugto ng implementasyon nito. Maaari din itong magbunga ng muling paglilinya ng mga individual development plan ng mga guro tuon sa kanilang propesyonal na pag-unlad at pagtahak sa disiplinang MIL.

Litaw sa MMP ang produksiyon ng kaalaman. Nakapook ang mga paksang tatalakayin sang-ayon sa mga konteksto ng kasalukuyang lipunan tungo sa pagbuo ng mga pagsusuri at proyektong makatutulong sa paglutas sa mga suliraning nakatuon sa MIL.

Isinaalang-alang sa CoP ang mga paunang pagtataya sa pamayanan na nangangailangan ng tuon sa tao sa pagiging mabisang user, assessor, at developer ng media sa pamayanan. Samantalang EP ang ginamit na batayan para sa paunang pagtalab ng mungkahing kurso sang-ayon sa isinasaad ng POs. Isinaalang-alang ang mga nabanggit na salik para sa pagbuo ng kurso.

Narito ang silabus para sa mungkahing kursong Wika at/sa/ng Media and Information Literacy:

KOLEHIYO NG EDUKASYON

Kagawaran ng Filipino

Silabus ng Kurso

I. Ang Kurso

- a. Pamagat ng Kurso: Wika at/sa/ng Media and Information Literacy
- b. Programa: BSE – Medyor sa Filipino
- c. Koda ng Kurso: Elektib – Filipino
- d. Kredit ng Kurso: 3ng mga yunit
- e. Bilang ng Oras: 3ng oras/linggo
- f. Semestre/Taon: Unang Semestre/ Ikatlong Taon
- g. Co-requisite na Kurso: Wala
- h. Pre-requisite na Kurso: Mga Kursong Pangwika ng Una at Ikalawang Taon

II. Deskripsiyon ng Kurso

Ito ay kursong nagtatampok sa integrasyon ng mga dalumat at teorya ng araling wika sa pagtalakay ng mga dimensiyon ng Media and Information Literacy na tumutulay sa kritikal na pagbasa at pagsusuri sa media at impormasyon bilang mga speech community.

III. Inaasahang Outcome ng Kurso

- a. Nagagamit ang mga konsepto, teorya, kaisipan ng araling wika
- b. Naisasanib ang araling wika sa Media and Information Literacy (MIL)
- c. Nakasusuri ng iba't ibang media at impormasyon sa iba't ibang speech community

IV. Plano ng Kurso

(Tignan ang spread sa pahina 68-69)

V. Mga Babasahin para sa Kurso

1. Ani, A. (2016). Daghalismo: Dibdibang usapan sa pananaw ng mga pilipino sa “susong”. Saliksik sa inilalahad sa DLSU Research Congress. Manila: DLSU.
2. Behm-Morawitz, E. at Ortiz, M. (2012). Race, ethnicity and media. Oxford: Oxford University Press.
3. Danet, B. at Herring S. (2007). The multilingual internet: language, culture and communication. Oxford: Oxford University Press.
4. E. San Juan (2012). Kahulugan, katotohan, at katwiran: pagpapakilala sa semiotika ni Charles Sanders Peirce. Kritika Kultura. DOI: 10.13185/KK2012.01911. Lungsod ng Quezon: Ateneo De

Talahanayan 6

Pagbangga ng Silabus sa Program Outcomes (mula sa CHED Memo N^o 75, s. 2017)

	Course Description	Course Outcomes	Topic/Content	Learning Outcomes
<i>Nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino</i>	Taglay ng kurso ang integrasyon ng pagdadalum at pagteorisang pangwika sa mga sitwasyong pang-MIL.	Makadaragdag ang kurso sa panibagong pagtanaw sa mga araling wikang maaaring maging muhon sa panibagong stream ng pag-aaral ng wika.	Integrasyon ito ng mga teorya ng wikang tinalakay sa mga nagdaang kursong pangwika. Sapagkat ito ay mungkahing elektib, inaasahang aplikasyon ang kurso ng mga inaasahang kasanayang pangwikang natamo.	Ipinakikilala ng mga program outcome ang pagtalakay sa teorya at dalumat ng araling wika at MIL.
Nagpapakita ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura, at lipunan	Tinalakay sa kurso ang ugnayan ng mga dimensiyon ng MIL at wika. Samakatwid, masasapul din nito ang tunguhin sa bahagi ng kultura at lipunan.	Ang imersyon sa iba't ibang speech communities ay nagbibigay ng oportunidad upang makita ang interkoneksiyon nito.	Ang mga paksang tumatalakay sa usaping panlipunan sa lente ng wika ay nakalilikha ng malinaw na relasyon sa wika, kultura, at lipunan.	Integrasyon ang itinatampok ng pagsasanib ng wika, kultura at lipunan na mababakas sa magiging gampanin ng MIL para sa Wikang Filipino at vice-versa.
Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto	Bilang interdisiplinaryo, tampok nito ang paglalahad ng kritikal na pagbasa/pag-unawa sa mga sitwasyon ng mga literasi. Makatutulong ito sa kalinangan ng wikang Filipino bilang primaryang kasangkapan sa katuparan ng kurso. Paglulunsad din ito ng iba pang dimensiyon ng araling wikang pinalalawak sa tulong ng iba pang disiplina gaya ng integrasyon ng paglalapat ng mga isyung panlipunang ugnay sa media at impormasyon.	Ang mga kasanayang matatamo sa kurso ay maaaring magamit sa paglimang ng literasi sa pagtuturo.	Nagbubukas ito ng pagkakatona upang maisanib ang mga kasanayan ng kursong ito sa mga kompetensiya sa pagtuturo ng Filipino.	Makatutulong ito upang malinang ang kritikal na pagtanaw sa mga proseso ng pagkatuto-pagtuturo sa mga usaping MIL sa silid ng Filipino.

<p>Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultural at lingguwistikong dibersidad ng bansa</p>	<p>Bimbigyan ng pagkakataon ng kursong itong makasuri ng iba't ibang speech communities at sitwasyong pangwika.</p>	<p>May maalagaang paksa ang mga mag-aaral sa kursong itong maaaring sumipat sa tulong ng mga teoryang pangwika.</p>	<p>Hahakdawin ng mga nilalaman ng kurso ang mga araling pangwika nito, umiiral dito ang gampanin nito sa pagtamasa sa mga suliraming panlitasasi mula sa mga rehiyon ng bansa.</p>	<p>Kaakibat nito ang pag-sasaalang-alang sa mga pag-aaral mula at nakasulat sa iba pang wika ng bansa.</p>
<p><i>Nakapagdidisenyo ng malikhain, inobatibo, at integratibong mga alternatibong dalog sa pagtuturo at pagkatuto.</i></p>	<p>Alternatibong pagkatuto ang paglulunsad ng mga araling nagsasanib sa wikang Filipino palabas at patungo sa mga disiplinang maaaring saniban – gaya ng tampok ng pagtututay ng dalawang larangan.</p>	<p>Ipinamamalas ng tatlong course outcomes ang: (1) pagpapaki-ta ng gamit ng mga teorya na tungo sa (2) paglalapat at panunuri nito. Pokus ng kurso ang development ng mag-aaral bilang <i>user</i>, <i>developer</i> at <i>assessor</i> ng media at impormasyon na tutulay sa layong pagpopook nito sa Wikang Filipino.</p>	<p>Imilalabas ng mga paksa ang mga diskursong tatalakay sa karanasang pangwika ng mga mag-aaral mula sa mga pamilyang tungo sa pagpapalano at paglinang ng saliksik-wika.</p>	<p>Ang pagmamapa ng mga paksa ay nakaangkla sa pagtalakay ng mga konseptong pangwika, pagsusuri nito, hanggang sa paglalagat nito sa isang partikular na pagpopook. Pagdidisenyo ito ng ka-hingiang pagkatuto at plano para sa kurso.</p>
<p>Nakagagawa ng pananaliksik ukol sa ikaunlad ng wikang Filipino bilang wikang panturo at panitikan.</p>	<p>Patunay ng pagdadalumat at pagteteorisa ang produksiyon ng saliksik-wika bilang mungkahing awtput ng klase.</p>	<p>Ipinakikita ng inasahang outcomes na tinatanaw ng kurso ang integrasyon ng mga konsepto sa pamamagitan ng pagbuo ng saliksik at pag-aaral tungo sa paglinang din ng Filipino.</p>	<p>Malinaw sa mga paksa ang layon nitong magkasabay na malinang ang Wikang Filipino at MIL bilang mga disiplina.</p>	<p>Naglalagat ang mga learning outcomes ng oportunidad upang maging kritikal sa mga usaping maaaring maitulay sa paglikha ng anumang napipisil na awtput para sa kurso.</p>

IV. Plano ng Kurso

Linggo	Learning Outcomes	Paksa	Inaasahang Gawain
1	<p>LO1: Naipakikilala ang kurso at mga preliminaryang kahingian nito</p> <p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Ang Kurso</p> <p>Wika at/sa/ng Araling Media</p> <p>Media at Tao bilang User, Developer, at Assessor nito</p>	<p>Pagtalakay sa silabus at mga kahingiang babasahin ng kurso</p> <p>Pangkatang talakayan hinggil sa wika at/sa/ng Araling Media</p> <p>Netnography ng galaw ng tao bilang user, developer, at assessor sa iba't ibang media.</p> <p>Panel discussion ng resulta ng Netnography</p>
2	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Diskurso at Ideolohiya sa Media</p>	<p>Kritikal na sanaysay sa mga umiiral na diskurso at ideolohiya sa media</p>
3	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Wika at Media bilang Kontra-Gahum Babae sa Media Bata sa Media Etnisidad sa Media</p>	<p>Pagsusuri sa mga stereotype, prejudice, at diskriminasyon sa mga napiling media</p>
4	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Semiotiks sa Media</p>	<p>Suring-papel hinggil sa gampanin ng semiotics sa media culture</p>
5	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Online Anonymity Verbal Venting Hate Speech sa Cyberspace Aggressive Language</p>	<p>Pagbuo ng mga offline at online campaign (campaign at publicity materials)</p>
6	<p>PAMPRELIMINARYANG TERMINONG PAGSUSULIT</p>		
7	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>	<p>Nilalaman ng Mass Media at Audience Bias</p>	<p>Pagsasa-gawa ng Simulated Sectoral Forum hinggil sa audience bias</p>
8	<p>LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL</p> <p>LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-importasyon sa isang tiyak na speech community</p>		

9	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Wika ng Adbertisement Referential Function Expressive Function Phatic Function Appellative Function	Pagbuo ng Spoof ad
10	LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Karapatang-Ari, Intellectual Property, at Publikasyon	Case Analysis ng mga Sitwasyong Pangwika sa Karapatang-ari, Intellectual Property, at Publikasyon sa Bansa
11	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL	Wika at Araling Impormasyon	Pangkatang talakayan hinggil sa wika at/sa/ ng Araling Impormasyon
12	PANGGITNANG TERMINONG PAGSUSULIT		
13	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Impormasyon at Tao bilang User, Developer, at Assessor nito	Pagsusuri sa mga palisi hinggil sa pagiging information user, developer, at assessor ng tao
14	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Ang Linguistic Landscape ng Information Literacy sa Bansa	Case study sa isang partikular na speech community na makapagpapakita ng sitwasyon ng information literacy
15	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Karunungan Katutubo at mga wika ng mga Etnolingguwistikang Pamayanan	Lightning presentation hinggil sa ambag ng wika sa karunungan katutubo sa bansa
16	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community	Monopolyo sa Wika: News Literacy	Corpus analysis ng wika ng mga balita
17	LO2: Natatalakay ang mga kaalaman, lapit, dulog, at teorya hinggil sa araling wika at MIL LO3: Nakasusuri ng sitwasyong pang-media at pang-impormasyon sa isang tiyak na speech community.	Monopolyo sa Wika: Freedom of Expression at Freedom of Information	Policy analysis ng FOE at FOI tungo sa pagbuo ng kampanya nito sa pamayanan
18	PANGHULING TERMINONG PAGSUSULIT		

Manila University Press.

5. Johnson, S. at Tommaso, M. (2010). Language ideologies and media discourse: text practices, politics. Lungsod ng New York: Continuum Books.
6. Swineheart, K. (2018) Language and media. Oxford: Oxford University Press.
7. Tolentino, R. (2016). Literasing midya sa Katipunan: Filipino Bilang Disiplina. Lungsod ng Quezon: Ateneo De Manila University Press.
8. Toralba, J. E. (2008). Mundo ng bata ayon sa print ad. Malay Journal Tomo 19. DOI: 0.3860/malay.v19i3.384. Lungsod ng Maynila: DLSU
10. Wilson, C., Grizzle, A., Tuazon, R., Akyempong, K., Cheung, C. (2011). Media and information literacy curriculum for teachers. Lungsod ng Paris: UNESCO.

VI. Mungkahing Sistema ng Pagmamarka

Preliminarya At Panggitang Termino		Panghuling Termino	
Bahagdan	Kahingian	Bahagdan	Kahingian
20%	Pampreliminaryang Terminong Pagsusulit/ Pagtatanghal/ Awtput	35%	Panghuling Terminong Pagsusulit/ Pagtatanghal/ Awtput
30%	Panggitnang Terminong Pagsusulit/ Pagtatanghal/ Awtput	30%	Mga Pasulat na Gawain
20%	Mga Pasulat na Gawain	30%	Mga Pasalita at Patanghal na Gawain
20%	Mga Pasalita at Patanghal na Gawain	5%	Pagdalo at Partisipasyon sa Klase
10%	Pagdalo at Partisipasyon sa Klase	100%	Kabuoan
100%	Kabuoan		

Nakatuon ang Learning Outcomes sa pagpopondo sa mga pinansusuring katangian ng araling wika at MIL sa mga penomena at suliraning panlipunan. Nilatag ang ganitong kahingian upang makapagdebelop ng analisis sa isang tiyak na speech community. Mula roon, binalangkas ang kurso sa dalawang bahagi – erya ng integrasyon wika at media, at integrasyong wika at impormasyon.

Naging panimulang batayan ng pagtalakay sa dalawang erya ang pagiging *user, developer, at assessor* ng tao sa media, sinasalamang din nito ang pagtupad ng isinasaad ng CoP na layon para sa mga pamayanan.

Sa erya ng wika at araling media, matatalakay ang pagsusuring pangwika ng mga diskurso at ideolohiya, semiotiks, at online anonymity. Mabibigyang-pansin din ang galaw ng wika sa mga mekanismo ng media bilang kontra-gahum, mass media at audience bias, karapatang-ari at IP, at adbertisement. Mapapansing lunsaran ang erya ng analisis sa ugnayan ng wika sa media na malapit at ginagamit ng masa. Nakatuon ang erya ng wika at araling impormasyon sa pagpaksa ng linguistic landscape ng IL, karunungan katutubo, at monopolyo sa wikang nakatuon sa literasi sa balita, FOE at FOI. Masisipat na ang erya ay talaytayan ng mekanisasyon ng wika sa mga pamayanan, at impraestruktura ng impormasyon.

Integratibo rin ang mga gawain sa ilalim ng eryang ito. Tulad ng tunguhin ng MMP na makabuo ng mga pagsusuri, papel, at proyektong papaksa sa mga isyung katig sa MIL sa lente ng wika. Ang eksposyur sa imersyon sa iba't ibang media sa pamamagitan ng netnography, pagbuo ng online at offline campaigns, simulation ng sectoral forum, lightning presentation, at panel discussion ay nagpapakita ng pagkakawing ng aktuwal na karanasan na hango sa mga teorya at dalumat. Samantalang ang pagbuo ng kritikal na sanaysay, kritikal na pagsusuri, spoof ad, case analysis, case study, corpus analysis, at policy analysis ay nagdidisenyo ng daan sa mga mag-aaral ng mas malawak na oportunidad ng kaalaman pagdating sa sitwasyon at isyung nangangailangan ng kongkretong kalalabasan.

Sa patuloy na debelopment ng integrasyon ng Filipino sa MIL, bilang ito ay nasa yugto pa lamang ng pagpapalano at paglalagat, mangangailangan pa ang kurso ng pagtamo sa yugto ng implementasyon nang sa gayon makita pa ang mga posibleng suliranin at kakulangan ng iminumungkahing kursong elektib. Mainam ding magkaroon ito ng kros-analisis sa mga kursong medyor ng BSE-Filipino upang mataya ang kabisaan ng pagsasanib ng mga kaisipan, teorya at dalumat na pangwika sa konteksto ng MIL, at ang naidudulot din ng MIL sa diskurso at disiplina ng wika.

Sa kabuuan, mahalagang nasipat ang malinaw na plano ng Unibersidad hinggil sa seguridad ng wika sa kurikulum nito – lalo pa sa banta na dulot ng pagtunaw ng Filipino sa kolehiyo. Tulay ito upang matiyak ang angkop na *alignment* sa pangangailangang isinasaad ng Komisyon, patungo sa pagpopook nito sa kalibre at kalidad ng Unibersidad, Kolehiyo, at Kagawaran. Magandang praktika ng Kagawaran ang muling pagbisita sa mga kurikulum ng mga kursong GE at espesyalisasyon ng medyor sa Filipino para mapanatili nito ang maayos na continuum at kalidad ng mga kurso.

Sa mga nagdaang kurikulum, nakaapekto rin ang mga kursong binuksan para sa produksiyon ng saliksik, nagkaroon ng malaking impluwensiya sa dami ng saliksik na pampedagohiya/pang-edukasyon/pang-instruksiyong nalikha dahil sa konsentrasyon ng Kagawaran sa kalinangang pangguro.

Sa pagsusuri sa tulong ng pagtanaw sa language policy development, nakitang may pangangailangan pa sa pagpapatibay sa mga kursong wika at araling pang-eryang makapagbibigay ng mga pagkakataon sa kurikulum ng Programa para sa pagpapatibay ng puwersa ng saliksik ng Unibersidad tungo sa pagtataya na rin sa estado ng kurikulum nito. Sa bahagi ng mga nagtuturo sa Kagawaran, natuklasang may maliit lamang na bahagdan ang mga nasa larangan ng wika; karamihan ay nasa disiplina ng pagtuturo at pamamahalang pang-edukasyon.

Kaugnay ng naunang hamon, suliranin din ang paghahanap ng mga batayan at reperensiyang nakasulat sa Wikang Filipino, kadalasan, ang diskurso nito ay nasa Ingles. Ang paglikha ng mga reperensiya ay makaaaambag din sa ikalilintang ng Wikang Filipino. Malaking tulong ang pagkakaroon ng laboratoryo ng pagsusulit ng mga teoryang pangwika at pagtutulay nito sa pamayanan upang masipat pa ang makalilintang sa programa at matutulong nito sa disiplina.

Gayumpaman, bagaman may nakikita nang mga paunang salik sa pagtatatag ng kursong Wika at MIL bilang kursong elektib, kasamang hamon na rin dito ang pagsasaalang-alang sa mga pamantayan ng Komisyon, at Unibersidad tungo sa pagganap ng tungkulin ng Kagawaran makalintang ng mga gurong gagap sa larangan ng wika at pagpapaunlad sa Wikang Filipino.

Ganitong hamon ang tutulong upang mapatatag pa ang pagpaplanong pangwika ng Kagawaran upang makalikha pa ng kurso, simulain, programa, saliksik at produksiyong tutupad sa pangunahing tunguhin nito bilang tagapagtaguyod ng wika. ♦

MGA SANGGUNIAN:

- Abad, Melania. "Nahuhuli at Panimulang Pagtatangka: Ang Pilosopiya Ng Wikang Pambansa/Filipino." *Daluyan*, 2 (2015): 11-39.
- Alatas, Syed Farid *Alternative Discourses in Asian Social Science: Responses to Eurocentrism*. Sage Publications India. 2006.
- Almario, Virgilio. *Pagpaplanong Pangwika*. Komisyon Sa Wikang Filipino, 2015.
- Carlsson, Ulla. "Media and Information Literacy: Field of Knowledge, Concepts and History." In *Understanding Media and Information Literacy (MIL) in the Digital Age*. Sweden, 2019.
- Carson, Arthur. *Higher Education in the Philippines*. U.S. Department of Health, Education, and Welfare, 1961.
- Commission on Higher Education, "CHED Memorandum Order (CMO) No 59 New General Education Curriculum (GEC)." , 1996, pp. 1-5.
- Commission on Higher Education, "General Education Curriculum: Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies", 2013, pp. 1-29.
- Commission on Higher Education, "Guidelines for Implementation of Ched Memo Order No 59 series of 1996", 1997, pp. 1-5.
- Commission on Higher Education, "Mga Patakaran, Pamantayan, at Panuntunan ng Batsilyer ng Sining sa Filipino", 2017, pp. 1-28.
- Cooper, Robert. *Language Planning and Social Change*. Cambridge University Press, 1989.
- Das Gupta, Jyotirindra and Ferguson, Gibson. *Problems of Language Planning*. 1977.
- Dawe, Christopher. "Language Governmentality in Philippine Education Policy." *Working Papers in Educational Linguistics*, 29.1 (2014).
- Gauker, Christopher. "Language as Tool." *American Philosophical Quarterly*, 24 (1987): 47-58.
- Geronimo, Jee. "Pagtuturo at Paggamit ng Filipino sa Kolehiyo Limitado pa rin." *Rappler News* [Online] 28 Oktubre 2015. Naakses sa <http://www.rappler.com/nation/110910-flipino-kolehiyo-reporma-kwf>.
- Guillermo, Ramon. "Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino." *Social Science Diliman*, 12.1 (2016): 29-47.
- Haugen, Einer. "The Implementation of Corpus Planning: Theory and Practice." In *J. Cobarrubias and J.A. Fishman (eds)*, 1983: 269-289.
- _____. "Linguistics and Language Planning." *Sociolinguistics*, 1972.
- Hogan-Brun, Gabrielle, Robinson, Clinton, and Thonhauser, Ingo. Acquisition Planning. In *The Encyclopedia of Applied Linguistics*. Blackwell Publishing Ltd., 2013.
- Hornberger. Nancy. "Literacy and Language Planning." *Language and Education*, 8.1-2 (1994).
- Jernudd, Björn and Das Gupta, Jyotirindra. *Towards a Theory of Language Planning. Sa Can Language Be Planned?: Sociolinguistic Theory for Developing Nations*. University of Hawai'i Press, 1971.
- Kaplan, Robert, and Richard Baldauf. *Language and Language-in-Education Planning in the Pacific Basin*. Bol. 12, Springer, 2003.
- _____. *Language planning from Practice to Theory*. Clevedon, England: Multilingual Matters, 1997.
- Kennedy, Chris. "Language Planning." *Language Teaching*, 15.4 (1982): 264-284.
- Ladefoged, Ruth Glick, Clive Cripser. "Languages in Uganda". Oxford University Press, 1972.
- Miller, Peter and Rose, Nikolas. *Governing Economic Life. Economy and Society*, 19 (1990).
- Nekvapil, Jiri, and Tamah Sherman. *Language Management in Contact Situations*. XVI, Frankfurt Am Main: Peter Lang, 2009.

- Neustupny, Jiri. *Post-Structural Approaches to Language*. University of Tokyo Press, 1978.
- Ortega, Katrina. “Ebalwasyon Ng Patakarang Pangwika Ng UP Integrated School (2003–2016): Implikasyon Sa Patakarang Pangwika Ng Pilipinas Sa Edukasyon.” *Philippine Humanities Review*, 19.1 (2017): 55–77.
- Rubin, Joan and Jernudd, Björn. *Can Language Be Planned?: Sociolinguistic Theory for Developing Nations*. University of Hawai'i Press, 1971.
- _____. “Evaluation and Language Planning.” Sa *Can Language Be Planned?: Sociolinguistic Theory for Developing Nations*. University of Hawai'i Press, 1971. 205-238. Limbag.
- _____. “A View Towards Future.” In *Can Language Be Planned?: Sociolinguistic Theory for Developing Nations*. University of Hawai'i Press, 1971. 293-296.
- Siiner, Maarja, Hult, Francis and Kupisch, Tanja. *Language Policy and Language Acquisition Planning*. Springer, 2018.
- Spolsky, Bernard. *Language Policy*. Cambridge: Cambridge University Press, 2004.
- Surbakti, Imam, and Khairani Hayat Situmorang. “Acquisition Planning and Language Acquisition by Indonesian Four-Year Old Children.” *International Journal of Linguistics*, 9.3 (2017): 152-165.
- Symaco, Lorraine. *Language Problems & Language Planning*. 1st ed., Bol. 41, John Benjamins Publishing Company, 2017.
- Thoman, Elizabeth. “Skills and Strategies for Media Education.” In *Media and Information Literacy: Field of Knowledge, Concepts and History*. Sweden, 2019.
- Tolentino, Rolando. “Literasing Midya.” *Katipunan Journal*, 1.1 (2016): 1-18.
- Tollefson, J. “Language Policy and Power: Yugoslavia, the Philippines, and Southeast Asian Refugees in the United States.” *International Journal of the Sociology of Language*, 103 (1995): 73–95.
- Woldemariam, Hirut and Lanza, Elizabet. “Language Contact, Agency and Power in the Linguistic Landscape of Two Regional Capitals in Ethiopia.” *International Journal of the Sociology of Language*, 228 (2014): 79–103.
- Wilson, Carolyn, Grizzle, Anton, Tuazon, Ramon, Akyempong, Kwame, at Cheung, Chi-Kim. *Media and Information Literacy Curriculum for Teachers*. UNESCO, 2011.



Nagtapos si ARIEL URSOLON BOSQUE sa Rizal Technological University sa kursong Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, Magna Cum Laude. Sa kasalukuyan, siya ay mag-aaral ng MA Araling Pilipino na may konsentrasyon sa Wika at Antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman. Nakapagsulat na rin siya ng mga tekstbuk para sa antas-sekondarya at tersarya. Maliban dito ay nakapaglathala na rin siya ng ilang papel sa mga journal. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo ng mga kursong espesyalisado sa RTU-Kagawaran ng Filipino. Maaari siyang makontak sa aubosque2@rtu.edu.ph o aubosque@up.edu.ph.